Pinoy au pairs

We take a closer look at the lives of au pairs. Au Pairs normally stay with a host family in a foreign country to learn about language and culture, while helping with daily chores. But for some Filipinos, au pair programs become opportunities to become undocumented domestic workers. While living with their host families for 18 months, they serve as nannies, cooks and all-around helpers.

Angeli Bedana is once such working au pair. In the eight months that shes stayed with her host family, only two months were spent going to school. She says she never really wanted to study, and was only seeking the opportunity to earn money. The income isnt bad, she shares, and the work is just for five hours each day.

It is for this reason that au pair programs are banned by the Philippines Department of Foreign Affairs. But some still manage to join these programs and end up working illegally abroad.

= = = = =

Silipin ang buhay ng mga Pinoy Au Pair. Karaniwang pakay ng mga Au Pair ang mag-apply ng scholarship para mututunan ang kultura at salita sa bansang destinasyon habang nakikipamuhay sa isang host family. Pero tila nagkakaroon na ng kakaibang kahulugan ito ngayon, dahil maraming mga pinoy ang ginagawa na itong paraan para magtrabaho bilang mga household helper. Habang nakatira sa host family ang mga au pair sa loob ng 18 months ay magtatrabaho sila ng mga gawaing bahay gaya ng pag-aalaga ng bata, paglilinis, pagluluto at paglalaba.

Gaya ni Angeli Bedana. Sa loob ng walong buwang pamamalagi niya sa bahay ng host family ay halos dalawang buwan pa lamang siya pumapasok sa eskwelahan. Dahil noong una'y hindi naman niya ginusto talaga na magaral. Ayon sa kaniya ay magandang oportunidad ito para kumita ng mas malaki sa trabahong hindi naman mahirap. Sa loob lang daw ng limang oras kada araw ay may kita na.

Ayon sa Department of Foreign Affairs, may ban sa mga au pair program dito sa Pilipinas dahil imbes na mag-aral, iligal na trabaho ang pinapasok ng mga Pilipino. Pero marami pa rin ang nakalulusot at ginagawa itong paraan para makapagtrabaho sa ibang bansa.